1 PAGPAPAKILALA NG LUNSOD NG SHIZUOKA

WELCOME to Shizuoka City!



Riverwel Ikawa Skiing ground



Shimizu Harbor Festival
(Kappore Dance)

Street performance World Cup in Shizuoka

Ang Lungsod ng Shizuoka ay halos nasa kalagitnaan ng Japan. Sa Lungsod na ito itinayo ang tanggapan ng pamahalaan ng Prepektura ng Shizuoka at ito ay binubuo ng 3 distrito. Ang Lungsod ng Shizuoka ay mayaman sa kalikasan. Ang kabundukan ng Japanese Alps na may 3000 metrong taas ay nakahanay sa parteng Hilaga. Nasa Timog naman ang kalawakan ng Suruga Bay at Pacific Ocean. Pinagkakalooban naman ng malinis na tubig ng Abe river at Okitsu river ang mga mamamayan ng Lungsod ng Shizuoka. Hindi lampas ang lamig at walang niyebe tuwing Taglamig sa Shizuoka, dahilan sa komportableng temperaturang ito, nakakapagtanim at nakakaani ng maraming gulay, bulaklak at strawberries. Nang dahil din sa maganda ang kapanahunan at mayaman ang kalikasan, masasarap ang mga gulay at isda (popular ang Sakura Ebi-maliliit na Hipon at “Shirasu” -maliliit na isda ng Suruga Bay) Sa paggamit ng mga pagkaing ito, maraming nagagawang produkto na naging popular kagaya ng Shizuoka Oden at iba pa lalong lalo na ang mga top class na produkto kahit na sa buong bansa tulad ng Mikan,Wasabi, strawberries at iba pa. Magandang tingnan ang Mt Fuji mula sa Lungsod ng Shizuoka kaya maraming tao ang bumibili sa mga lugar kagaya ng Miho at Nihon Daira.

Shizuoka tea

Sakura Ebi

Shizuoka Oden

清水区

Shimizuku

興津川 Okitsu river

三保Miho 駿河湾Suruga bay

Abekawa

Surugaku

駿河区

Nihondaira

Pangunahing Kapistahan ・Event Ng Lungsod ng Shizuoka

Abril - Shizuoka Festival
Hulyo - Shimizu Tanabata Festival
Abekawa Fireworks Shimizu Harbor Festival
Nobyembre - Street Performance World Cup in Shizuoka

Transportasyon ng Lungsod Ng Shizuoka

JR Shinkansen (mula Shizuoka Station)
hanggang Tokyo ・Nagoya 1 oras
Tomei Highway (mula Shizuoka IC)
hanggang Tokyo ・Nagoya 3 oras
Hanggang Mt. Fuji Shizuoka Airport (mula Shizuoka Station) 40 minutos

Tanawin ng Mt. Fuji mula Miho